**IKALAWANG MARKAHAN**

**ARALIN**

**5**

## Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**

Nasasagot ang mga literal na tanong sa napakinggang teksto F5PN-IIe-3.1

**Wikang Binibigkas**

Nakapagbibigay ng panutong may 3-5 hakbang F5PS-IIae-8.7

**Gramatika**

Nagagamit nang wasto ang pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay tungkol sa kasaysayan F5WG-IIe-5.4

**Pag-unlad ng Talasalitaan**

Naibibigayang-kahulugan ang tambalang salita F5PT-IIe-4.3

**Pag-unawa sa Binasa**

Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa teksto gamit ang dating karasanan/kaalaman F5PB-IIei-17

**Estratehiya sa Pag-aaral**

Nagagamit ang pangkalahatang sangunian sa pagtatala ng mahahalagang impormasyon tungkol sa isang isyu F5EP-IIei-6

**1** **Layunin**

Nasasagot ang mga literal na tanong sa napakinggang teksto

**II. A.Paksang-Aralin**

Pagsagot sa mga Literal na Tanong sa Napakinggang Teksto

Ang Kauna-unahang Pilipinong Optometrist(Talambuhay)

**B. Sanggunian**

Hiyas ng Pagbasa 5 pp.112-115

Hiyas sa Pagbasa 5 pp. 80-82

http://www.slideshare.net/luvy15/pag-unawa-at-komprehensyon

F5PN-IIe-3.1

**C. Mga Kagamitan**

Kwento

tarpapel

larawan

plaskard

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Pagbabaybay
   Magdidikta ng sampung salita ang guro

2. **Balik-aral**
   Paglalarawan sa mga tauhan at tagpuan sa napanood na pelikula kahapon.

3. **Mga Gawain**
   A. **Pagganyak**
      Magpakita ng larawan ng optometrist.
      Paghawan ng Balakid
      Ipabasa ang Tuklasin Mo

**B. Paglalahad**

Iparinig ang talambuhay “Ang Kauna-unahang Pilipinong Optometrist”

**Ang Kauna-unahang Pilipinong Optometrist**

**(Talambuhay)**




*Ang pagsisikap, kapatid ng pag-unlad.*

Minsan pa’y pinatunayan ng isang Pilipinong taga-Kalibo, Aklan ang laging sawikain ni Pangulong Manuel Luis Quezon na “Ang mahirap ay lalong dapat magsikap.” Pinatunayan ni Federico B. Sarabia, ang batang Aklanenio na noong 1899 sa gulang na labingdalawang taon ay nagtrabaho sa baraks ng isang Kapitan ng Sundalong Amerikano. Nagustuhan siyang isama ng Kapitan sa San Francisco, California. Naipagpatuloy niya ang kaniyang pag-aaral nang libre sa sekundarya sa *California Agro-Industrial School*. Nag-aaral siya sa araw at nagtatrabahoo sa gabi bilang katulong.

Noong 1903, lumipat siya ng Chicago at bilang *Kitchen Boy* naipagpatuloy niya ang kaniyang pag-aaral sa *Northern Illinois College of Optometry*. Lumipat siya sa New York at nagtatrabaho siya sa araw sa *Eye Infirmary* at sa gabi ay tagapagluto sa *New York Hotel*. Noong 1906, ipinasiya na niyang bumalik sa Pilipinas. Halos isang taon siyang naglayag bago siya nakarating sa Pilipinas.

Noong 1907, napangasawa niya ang dati niyang kababata, si Rosalia Gonzales at nanirahan sila sa Iloilo at dito’y nagtayo sila ng kauna-unahang *Optometry Clinic*. Binigyan sila ng Diyos ng 13 anak na napagtapos nilang lahat sa pag-aaral. Karamihan sa kaniyang mga anak at mga inapo ay sumunod sa kaniyang mga yapak. Katulad niya, naging matagumpay silang *optometrist* at *ophthalmologist*. Napalaganap nila ang kanilang klinika sa iba’t ibang kapuluan ng Pilipinas. Sa Luzon, matatagpuan ang kanilang klinika sa Maynila at may dalawa namang klinika sa Sta.Cruz, Laguna. Sa Visayas, matatagpuan naman ang apat nilang klinika sa Lungsod ng Iloilo, lima sa Lungsod ng Bacolod, at dalawa sa Lungsod ng Cebu.

Hindi lamang nila ito napalaganap sa Pilipinas kundi pati sa ibang bansa tulad ng San Jose, California at New York City. Hindi lamang mahusay mahusay na *optometrist* si Dr.

Federico Sarabia, mahusay din siyang negosyante. Nakapagpatayo siya ng kolehiyo para sa *Optometry* noong 1932. Nakapagpatayo rin siya sa Aklan ng paaralan. Ito ay ang *Aklan Academy* sa Kalibo. Kasosyo rin siya ng Amerikano sa *Wright Furniture* at ng mga Italyano sa *Sausage Company*. Nakabili rin siya ng may 80 ektaryang niyugan sa Pulo ng Boracay. Si Dr. Federico Sarabia ay isa ring tunay na makabayan. Siya ang nagtatag ng Cruz Rojo na katulad ng gawain sa *Red Cross*. Handa siyang tumulong sa mga mahihirap na nangangailangan ng tulong.

Hinango sa Hiyas sa Pagbasa pp.112-113

**C. Pagtatalakay**

Unawain at Sagutin

1. Sino ang kauna-unahang Pilipinong optometrist?
2. Saan siya isinilang?
3. Saan niya natapos ang kaniyang pag-aaral ng sekundarya?
4. Paano siya nakatapos ng kaniyang pag-aaral ng optometry?
5. Paano niya naipakita ang kaniyang pagiging makabayan?
   Ang mga katanungang inyong sinagot ay mga halimbawa ng literal na tanong. Ang literal na tanong ay nakapokus sa mga ideya at impormasyong tuwirang nakalahad sa teksto.

**D. Pagpapayamang Gawain**

Pangkatan Gawain.
Ipagawa ang Pagyamanin Mo.
Bigyan ng oras ang mga bata sa pag-uulat ng kanilang natapos na gawain.

**E. Paglalahat**

Gabayan ang mga mag-aaral sa paglalahat.
Ano ang ibig sabihin ng pagsagot sa literal na tanong.
Basahin ang nasa Isaisip Mo.

**F.Paglalapat**

Ipagawa ang Isapuso Mo.

.

**IV. Pagtataya**

Gawin ang Isulat Mo.

**V. Takdang-Aralin**

Basahin ang kwentong “Ang Hari ng mga Dyip” at sagutan ang mga tanong sa Hiyas sa Pagbasa 5 pp. 102-105. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

**2**

**Layunin**

Nakapagbibigay ng panutong may 3-5 hakbang

**II. A.Paksang-Aralin**

Pagbibigay ng Panutong may 3-5 Hakbang

Kwento : Ang Kasunduan

**B. Sanggunian**

Filipino, Yaman ng Lahing Kayumanggi 6 pp.29-32

Binhi Wika at Pagbasa 5 pp. 94-95

F5PS-IIae-8.7

**C. Mga Kagamitan**

Tarpapel

Manila paper

plaskard

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Pagbaybay
   Idiktang muli ang sampung salita

2. **Balik-aral**
   Sino ang kauna-unahang Pilipinong optometrist ayon sa talambuhay na atin binasa kahapon?

3. **Mga Gawain**
   A. **Paghawan ng balakid**
      Sagutan ang Tuklasin Mo

   B. **Pagganyak**
      Narinig o nabasa ninyo na ba ang kwento buhat sa bibliya tungkol kay Noe?
      Pagganyak na Tanong
      Paano ipinakita ni Noe ang kanyang katapatan sa paglilingkod sa Diyos?

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang Basahin Mo

**D. Pagtatalakay**
Tungkol saan ang kwentong inyong binasa?
Ano ang iniutos ng Diyos kay Noe?
Bakit Niya nilipol ang lahat ng may buhay sa lupa maliban sa sambahayan ni Noe at iilang hayop?
Bakit si Noe ang pinili ng Diyos?
Bakit kaya kay Noe nakipagkasunduan ang Diyos? Ipaliwanag.
Tama bang parasuhan ang mga tao?
Kung hindi sinunod ni Noe ang utos ng Diyos, ano ang maaaring mangyari?

Basahin muli ang talata na hinango sa kwentong binasa.

"Pumutol ka ng kahoy ng sipres at gumawa ka ng isang daong na may silid. Pahiran mo ng alkitran ang loob at labas nito. Ang daong ay may haba na apatnaraa't limampung talamapakan, may taas na apatnapu't lima, may luwang na pitumpu't lima. Atipan mo ito at lagyan ng pintuan. Magsakay ka ng pitong pares ng bawat uri ng hayop. Magdala ka ng lahat ng uri ng pagkain para sa inyo," wika ng Diyos kay Noe."

Sino ang kausap ng Diyos sa kwento?
Ano ang ipinagawa ng Diyos kay Noe?
Paano nakagawa ng daong si Noe?
Ano ang panuto?
Ano ang kahalagahan ng pagsunod sa panuto?
Ano ang dapat tandaan sa pagsunod sa panutong may 3-5 hakbang?

**E. Pagpapayamang Gawain**
Pangkatang Gawain
Bigyan ng gagawin ang bawat pangkat tungkol sa pagsunod sa panuto.
Ipagawa ang Pagyamin Mo

**F. Paglalahat**
Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng paglalahat. (Gamitin ang graphic organizer)
Ano ang panuto?
Ano ang kahalagahan ng pagsunod sa panuto?

**F.Paglalapat**

Ipagawa ang Isapuso Mo

.

**IV. Pagtataya**

Sagutin ang Isulat Mo

**V. Takdang-Aralin**

Isa-isahin ang hakbang para mabisang makapag-aral ng leksiyon sa bahay. Isulat sa kuwaderno ang inyong kasagutan.

3

Layunin

Nagagamit nang wasto ang mga pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay tungkol sa kasaysayan

**II. A.Paksang-Aralin**

Paggamit nang Wasto ang mga Pandiwa ayon sa Panahunan sa Pagsasalaysay

Tungkol sa Kasaysayan

Usapan: Ang Dakilang Iskultor

**B. Sanggunian**

Hiyas sa Wika 5 pp. 82-87

Pag-unlad as Wika at Pagbasa 5 pp.79-81

F5PN-IIe-3.1

G. Mga Kagamitan

Dayalogo

Tarpapel

larawan

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Pagbabaybay
   Magdikat ng sampung salita

2. **Balik-aral**
   Pagsunod sa panuto na may 3-5 hakbang.

3. **Mga Gawain**
   A. **Pagganyak**
      (Ipakita na larawan ng Monumento ni Bonifacio, Liwasang Bonifacio Oblation sa Pamantasan ng Pilipinas)
      Kilala ninyo ba ang gumawa ng mga sumusunod na iskultura?

B. **Paglalahad**

Ipabasa ang Basahin Mo.

C. **Pagtalakay**

Papaano nakapag-aral sa Estados Unidos si Guillermo Tolentino?
Bakit siya tinawag na “Prinsipe ng mga Manlililok na Pilipino?”

Ngayon, alam mo na kung bakit tinawag na “Prinsipe ng mga Manlililok na Pilipino” si Guillermo Tolentino. May ilan pa akong katanungan sa iyo. Masasagot mo kaya?

Nang nasa Estados Unidos na si Guillermo Tolentino, paano siya nakapag-aral sa Beaux Arts Institute?

Pagkatapos niyang makapag-aral sa Estados Unidos, ano ang ginawa niya?

1. Inirekomenda siya ng Pangulong Wilson sa isang milyonaryong Amerikano, si Bernard Baruch na siyang tumustos sa kaniyang pag-aaral sa Beaux Arts Institute.
2. Bumalik siya sa Pilipinas at nagtayo siya ng studio pagkatapos niyang makapag-aralsa Estados Unidos.

Pansinin ang mga salitang may salungguhit sa pangungusap..
Ano-ano ang mga salita?
Ang mga ito ay nagsasaad ng aspekto o panahunan ng pandiwa. Nagbabago ang anyo ng pandiwa ayon sa aspekto nito. May mga tuntuning dapat sundin sa pagbabago ng anyo ng pandiwa.

D. **Pagpapayamang Gawain**

Ipagawa ang Pagyamanin Mo.
Subaybayan ang mga bata sa pagsasagot ng Gawin Ninyo at Gawin Mo

E. **Paglalahat**

Ano ang pandiwa?
Ano ang tatlong aspekto ng pandiwa?

F. **Paglalapat**

Ipagawa ang Isapuso Mo

IV. **Pagtataya**

Sagutan ang Isulat Mo

**V. Takdang-Aralin**

Banghayin ang mga pawatas sa tatlong aspekto ng pandiwa.

| Pawatas | Naganap | Nagaganap | Magaganap |
|---|---|---|---|
| 1. awitin<br>2. bumili<br>3. magluto<br>4. talunin<br>5. puntahan<br>6. maglaba<br>7. dumikit<br>8. kumanta<br>9. magsimba<br>10. itanim | | | |

**4**

**Layunin**

Nabibigyang-kahulugan ang tambalang salita

**II. A.Paksang-Aralin**

Pagbibigay Kahulugan sa mga Tambalang Salita

**B. Sanggunian**

Hiyas sa Pagbasa 5 pp. 42

Ugnayan Wika at Pagbasa 5 pp.40

Binhi Wika at Pagbasa 5 p. 178

http://www.digilearn.com.ph/epub/books/gs4_filipino01/Text/007_y1a2.html

Kaluskos 4 *Tomo 10 Blg. 1 SY 2006–2007*

F5PT-IIe-4.3

**C. Mga Kagamitan**

Tarpapel

Larawan

Manila paper

plaskard

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Pagbasa ng pangungusap.

2. **Balik-aral**
   Kahunan ang pandiwang angkop sa panahunang ipinahihiwatig sa pangungusap.
   1. (Diniligan, Dinidiligan, Didiligan) ng babae ang mga halaman bukas nang umaga.
   2. Ang sanggol ay (umiyak, umiiyak, iiyak) tuwing siya'y basa.
   3. (Tumawa, Tumatawa, Tatawa) siya matapos niyang mabasa ang liham mo.
   4. (Kadarating, Darating, Dumarating) pa lamang ni Willie sa bahay, sinusundo na siya ng isa pang kaibigan.
   5. (Nagbibihis, Kakabihis, Magbihis) ka na at baka ka maleyt sa kasal ng pamangkin mo.

3. **Mga Gawain**

A. **Pagganyak**

B. **Paglalahad**

Ipabasa ang Basahin Mo

C. **Pagtatalakay**

1. Saang larangan nabibilang ang mga “bidang” binanggit sa akda? Bakit?
2. Ano-nong mga katangian ng mga bida sa kuwento ang maaaring tularan ng isang bata?
3. Sino sa mga miyembro ng inyong pamilya o angkan ang itinuturing mong “bida” at iyong hinahangaan?
4. Ano-anong mga katangian ng mga “bida” sa kuwento ang maaaring pamarisan ng isang bata para makatulong siya sa pagbubuklod ng mga miyembro ng kaniyang pamilya?

Suriin ang kahulugan ng salita sa bawat kahon.

| A |
|---|
| kuwentong-bayan – salaysay na bahagi ng panitikang-bayan |

| B |
|---|
| samaing-palad – nakaranas ng hindi magandang pangyayari |

Ano ang tawag sa mga salitang binigyan ng kahulugan sa bawat kahon? Matutukoy mo ba ang kaibahan ng salita sa kahon A sa salita sa kahon B?

Ang salitang binigyang-kahulugan sa bawat kahon ay tinatawag na tambalang salita. Ang **tambalang salita** ay binubuo ng dalawang magkaibang salita na pinag-isa. May mga tambalang salita na pinagdurugtong ng gitling (–) at mayroon din namang hindi ginigitlingan.

D. **Pagpapayamang Gawain**

Ipagawa ang Pagyamanin Mo

Pangkatin ang mga mag-aaral sa tatlong pangkat. Magtalaga ng lider na mag-uulat.

Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral sa kanilang gawain.

E. **Paglalahat**

Gabayan ang mga bata sa pagbibigay ng paglalahat.

Ano ang tambalang salita?

Paano binibigyan kahulugan ang mga tambalang salita?

### F. Paglalapat

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Isapuso Mo

## IV. Pagtataya

Sagutan ang Isulat Mo

## V. Takdang-Aralin

Tukuyin kung literal o matalinghaga ang salita ang tambalang salitang may salungguhit sa bawat bilang. Ibigay na rin ang kahulugan ng mga ito.

_____________ 1. Ang bahay-kubo namin ay talaga namang masarap tirhan lalo na kung tag-init.

_____________ 2. Ang bahaghari ay waring nakangiti sa akin at nagbibigay-saya.

_____________ 3. Marami ang nagtataingang-kawali sa tuwing ayaw nilang marinig ang katotohanan.

_____________ 4. Tuwing Pasko ay pumupunta sila sa bahay-ampunan para bisitahin at bigyan ng kasiyahan ang mga ulila.

_____________ 5. Ibig niya talaga ang makahanap ng isang hanapbuhay upang matustusan ang pag-aaral ng kapatid.

**5**

**Layunin**

Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa teksto gamit ang dating karanasan/kaalaman

**II. A. Paksang-Aralin**

Nalalaman ang Maaaring Mangyari sa Teksto Gamit ang Dating Karanasan/Kaalaman

**B. Sanggunian**

MISOSA Pagbibigay ng Hinuha

F5PB-IIe-17

F5EP-IIei-6

**C. Mga Kagamitan**

Tarpapel

larawan


plaskard

**III. Pamamaraan**


1. **Pagsasanay**
   Pagbasa ng pangungusap.

2. **Balik-aral**

   Tukuyin ang mga larawan. Pagsamahin ang mabubuong salita upang maging tambalang salita.




1. Maawain



2. Nakikita matapos umulan



3. Nagbibingi-bingihan



4. Mahina ang pag-iisip



5. Isang uri ng isda

3. **Mga Gawain**
   A. **Pagganyak**

      Paano natin maililigtas ang ating mundo sa tuluyang pagkasira?

   **B. Paglalahad**
      Ipabasa ang basahin mo.

   **C. Pagtatalakay**
      Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

      1. Ano ang iyong napapansin sa lagay ng panahon? Kanino kaya dapat isisi ang pagbabago nito?

      2. Bakit nagkakaroon ng red tide?

      3. Anu-ano ang nagiging bunga ng polusyon sa hangin?

4. Ano ang dahilan at unti-unting nakakalbo ang mga gubat?

5. Papaano napipigil ng mga tanim at punung-kahoy ang pagguho ng mga lupa?

Ano ang maaring mangyari kung wala tayong gagawin upang iligtas ang mundo sa tuluyang pagkasira?

Ano ang dapat natin gawin upang mapigiglan ito?

D. **Pagpapayamang Gawain**
Ibigay ang activity sheet sa lider ng pangkat.
Ipagawa ang Pagyamanin Mo.
Sa pangkatang gawain subaybayan ang mga bata sa pagsasagot.
Bigyan ng panahon ang pag-uulat ng sagot.

**E. Paglalahat**
Gabayan ang mga bata sa pagbuo ng paglalahat.
Paano kayo makapagbibigay ng hinuha sa isang pangyayari?

F. **Paglalapat**

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Isapuso Mo

**IV. Pagtataya**

Sagutan ang Isulat Mo

**V. Takdang-Aralin**

6

Layunin

Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng mahahalagang impormasyon tungkol sa isang isyu.

**II. A. Paksang-Aralin**

Paggamit ang pangkalahatang Sanggunian sa Pagtatala ng Mahahalagang Impormasyon Tungkol sa Isang Isyu

**B. Sanggunian**

Pinagyamang Pluma 6 Wika at Pagbasa para sa Elementarya pp. 40-41

http://www.slideshare.net/irenepaz1/pangkalahatang-sanggunian

http://radyo.inquirer.net/5862/el-nino-ngayong-2015-at-2016-sinlakas-noong-1997-98-ayon-sa-pag-asa

F5PB-IIe-17

F5EP-IIei-6

**C. Mga Kagamitan**

Tarpapel/tsart

Iba't ibang pangkalahatang sanggunian (aklat)

plaskard

**III. Pamamaraan**

4. **Pagsasanay**
   Pagbasa ng parirala

5. **Balik-aral**

   Nakapagbibigay ng angkop na wakas o hinuha sa sitwasyon babasahin ng guro.

6. **Mga Gawain**

   F. **Pagganyak**

   Sa araw na ito malalaman ninyo kung paano maiiuugnay ang paggamit ng pangkalahatang sanggunian sa pag-unawa ng lubos sa nabasang napapanahong isyu.
   Pagmamasid, pagsusuri ng ilang aklat na nakadispley, tulad ng diksyunaryo, ensayklopedia, atlas at iba pang na magagamit sa iba't ibang asignatura.
   Alam ninyo ba ang gamit ng bawat aklat na narito sa harapan?
   Ngayon ituturo ko sa inyo ang gamit ng bawat pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng impormasyon tungkol sa napapanahanong isyu.

   G. **Paglalahad**

   Ipabasa ang Basahin Mo

   H. **Pagtatalakay**

   Tungkol saan ang napapanahong isyu ang ating binasa?
   Saan sa mga sumusunod na pangkalahatang sanggunian natin makukuha ang impormasyon tungkol sa El Niño?
   Kung tungkol naman sa lokasyon ng isang lugar ang ating aalamin ano sa mga pangkalahatang ssanggunian ang inyong gagamitin?
   Alin pangkalahatang sanggunian ang gagamitin mo kung nais mong malaman ang kahulugan ng di-pamilyar na salita na nasa isyu o balita?
   Alin naman ang gagamitin mong sanggunian kung lokasyon at topograpiya ng isang bansa ang iyong nais alamin?
   Ano naman ang isang teknolohiya na maaaring pagkunan ng maraming kaalaman sa tulong ng network ng mga kompyuter sa buong mundo?
   (Maaaring ipaulat sa mga mag-aaral ang iba' ibang pangkalahatang sanggunian)

   I. **Pagpapayamang Gawain**

   Ipagawa ang Pagyamanin Mo.
   Ipapakita ng guro ang aklat o larawan at una-unahan tutukuyin ng mag-aaral ang pangalan at gamit ng bawat pangkalahatang sanggunian.

   J. **Paglalahat**

   Ipaisa-isa sa mga mag-aaral ang pangkalahatang sangguniang napag-aralan.
   Ipasulat sa graphic organizer ang mga kasagutan.
   Ipabasa ang mga kasagutan sa mga mag-aaral.

   K. **Paglalapat**

   Ipagawa ang Isapuso Mo
   .

**IV. Pagtataya**

Sagutan ang Isulat Mo

**V. Takdang-Aralin**

Humanap ng iba pang balita tungkol sa napapanahong isyu. Isulat sa kuwaderno ang sagot.